Katotohanan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag pumasok siya sa sinumang binibisita niya ay nagsasabi siya;" Walang dapat ipangamba,Kalinisan sa kapahintulutan ni Allah"

Ayon kay abdullah bin Abbas-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Katotohanan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay pumasok sa isang arabo na binisita niya,at kapag pumasok siya sa sinumang binibisita niya ay nagsasabi siya ;" Walang dapat ipangamba,Kalinisan sa kapahintulutan ni Allah"

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Ayon kay Ibnu Abbas-malugod si Allah sa kanilang dalawa- Katotohanan ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay pumasok sa isang arabo,binisita niya ito sa pagkasakit niya,at kapg siya ay pumapasok sa bisita niyang may sakit ay nagsasabi; " Walang dapat ipangamba,Kalinisan sa kapahintulutan ni Allah" na ang kahulugan ay:Naway hindi na lumala sa iyo,at mawala na ang sakit,at naway ang sakit mo na ito`y maging dahilan sa paglinis ng iyong kasalanan,at pagbura ng iyong kapintasan,at gayundin, magiging dahilan sa pagtaas ng iyong antas sa kabilang buhay.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6009